

## Paunawa para sa mga magulang

Alam po naming na kayo po ay lubos na nag-aalala sa magiging epekto ng pagkalat ng Corona Virus sa inyong mga anak. Ang Board of Education ng Hokkaido ay nagbibigay ng mga impormasyon sa lahat ng estudyante sa rehiyon at humiling na isara muna ang mga paaralan upang maprotektahan ang kaligtasan ng mga estudyante at makaiwas sa pagkalat ng Corona virus.

Panatilihin ang ating mga anak sa loob ng tahanan at alamin araw-araw kung may lagnat sa pamamagitan ng pagsukat ng init ng katawan tuwing umaga at gabi. Ingatan mabuti ang katawan.

Gamitin ang mga guidebooks mula sa paaralan sa oras ng pag aaral sa loob ng tahanan.

Magbubukas muli ang mga paaralan sa ika 5 ng Marso na itatalagang [Araw ng Pag iwas sa Pagkahawa]. Sa araw na ito ay pag aaralan ang mga tamang kaalaman ukol sa pag iwas sa pagkahawa, ituturo at ipapaunawang mabuti na huwag mag isip nang masama sa mga taong nahawaan upang maiwasan ang pang aapi sa mga ito.

Ang Board of Education ng Hokkaido ay humihingi ng pang unawa at kooperasyon para sa ligtas at mapayapang pamumuhay ng mga bata sa panahon na walang pasok. ( Alamin rin po ang “Pangangalaga sa Mental Health ng mga estudyante”).

Pebrero 27, 2020

Yoshihiro Sato  
Puno ng Board of Education sa Hokkaido

## Pangangalaga sa Mental Health ng mga Estudyante

Lahat po ng mga magulang ay labis na nag aalala sa kalagayan ng Mental health ng kanilang mga anak dahil sa pagkalat ng Corona virus.

Ang Board of Education ay nagsasagawa ng mga paraan upang madaling maiwasan ang pang aapi sa kapwa estudyante dahil sa pagkahawa ng corona virus.

Lalo na sa muling pagbubukas ng paaralan, ang Board of Education ng iba't ibang lungsod at paaralan ay magkasamang gumagawa ng mga paraan at humihingi ng pang unawa at kooperasyon para sa ligtas at mapayapang pamumuhay ng mga estudyante.

### 1 Konsultasyon kapag may problema

- Kung may problema na inaapi o pinag iisipan nang masama dahil sa Corona virus, ipaalam kaagad sa sariling adviser, faculty o kahit sinong kawani ng ng paaralan.
- Kung may problema at pag aalala hinggil sa pang aapi, maaring kumunsulta nang 24 oras sa numero na nasa ibaba

**[Children Support Center] (0120-3882-56)**

### 2 Kunsulta sa Espesyalista

- Maaaring kumunsulta sa Espesyalista (School Counselor, School Social worker) atin pong ipaalam sa paaralan kung nangangailangan.

### 3 Mga iba pang paraan

- Hinihiling na ituro at ipaunawa sa mga bata na ang pang aapi ay hindi tama at hinding hindi mapapatawaran.
- Alaming mabuti kung walang nagaganap na pang aapi sa pamamagitan ng internet.